GRADE VI

# REHIYON IX – ZAMBOANGA PENINSULA



## ALAMIN MO

Napag-aralan mo sa nakaraang modyul ang tungkol sa Rehiyon VIII. Ngayon naman ay dadalhin kita sa Kanlurang Mindanao. Tungkol sa Rehiyon IX ang iyong patutunguhan.

Alamin mo ang mga sumusunod tungkol sa Rehiyon IX:

- *Mga lalawigan at lungsod*
- *Lokasyon at topograpiya*
- *Klima*
- *Hanapbuhay at Produkto*

Bago ka magsimula, pagbalik-aralan mo muna ang nakaraang aralin. Gawin mo ang pagsasanay sa bahaging ‘Pagbalik-aralan Mo.’



## PAGBALIK-ARALAN MO

A. Isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan kung saang rehiyon kabilang ang sumusunod na lalawigan:

Halimbawa: Batanes - Rehiyon II

1. Nueva Vizcaya
2. Oriental Mindoro
3. La Union
4. Antique
5. Leyte
6. Zambales
7. Eastern Samar
8. Bulacan
9. Quirino
10. Dumaguete
11. Cebu
12. Bulacan
13. Iloilo
14. Albay
15. Marinduque




B. Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat kung Tama o Mali ang isinasaad ng bawat pangungusap. Kung Mali, isulat sa tapat nito ang salitang magpapawasto rito. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa kasalukuyan, mayroong 17 rehiyon sa bansa.
2. Ang lawak ng bawat rehiyon ay may sapat na laki.
3. Bawat rehiyon ay nagtataglay ng iisang likas-yaman.
4. Nararapat na may maunlad na sistema ng transportasyon ang bawat rehiyon.
5. Isa sa mga batayang ginamit sa pagbuo ng mga rehiyon ang katangiang pangheograpiya ng mga lalawigan.
6. Di-maunlad na bayan o lungsod ang ginagawang sentrong panrehiyon.
7. Lahat ng lalawigan sa Pilipinas ay pawang maunlad.
8. Ang topograpiya ng isang lugar ay maaaring makita sa mapa.
9. Isang palatandaan na maunlad ang rehiyon ay ang pagkakaroon ng maayos na daan.
10. Malalayo sa isa't isa ang mga lalawigang bumubuo sa isang rehiyon.

## PAG-ARALAN MO

Tingnan mong mabuti ang mapa ng Kanlurang Mindanao.

### Ang Rehiyon IX
### ZAMBOANGA PENINSULA




Makikita mo sa mapa ang Kanlurang Mindanao. Tinatawag itong Zamboanga Peninsula. Binubuo ito ng Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur at Zamboanga Sibugay at ng mga lungsod ng Zamboanga, Dipolog, Dapitan at Pagadian.

## Lokasyon at Topograpiya

Ang Zamboanga Peninsula ay nasa kanluran ng Mindanao. Sa dakong hilaga ng rehiyon ay ang Basilan at ang Dagat Mindanao. Sa dakong timog ng rehiyon ay Basilan at ang Dagat Mindanao. Sa timog-silangan nito ay ang Sibugay Bay at Moro Gulf. Sa kanluran nito ay ang Dagat Sulu. Sa hilagang silangan ng rehiyon ay ang Misamis Occidental.

Kagubatan ang halos kalahati ng buong lupain ng rehiyon. Kapansin-pansin ang malalagong bakawan na tumutubo sa mga delta na nabubuo sa tabing-ilog.

Matatagpuan rin dito ang dalawang matataas na bulkan – ang Bulkan ng Ampiso at Bulkan ng Malindang.


Sa may baybayin sa timog at timog-silangan naman ng rehiyon matatagpuan ang kapatagang bahagi ng rehiyon.

## Klima

Ang klimang nararanasan sa rehiyon ay katamtaman. Ang tag-ulan ay mula Hunyo hanggang Disyembre. Ang tag-araw naman ay mula sa buwan ng Marso hanggang Mayo. Mapalad ang rehiyong ito dahil hindi ito dinaraanan ng bagyo.

## Hanapbuhay at Produkto

Pinagkukunan ng troso ang kabundukan ng Kanlurang Mindanao. Ang ginto, zinc, limestone, karbon, tanso, asbestos at bakal ang mga pangunahing mineral.



Pagsasaka naman ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga tao. Ang mga pangunahing produkto ay palay, niyog, saging, abaka at goma.



Pinagkukunan din ng ikinabubuhay ng mga tao ang pangingisda dahil halos napapalibutan ng tubig ang rehiyon. Ilan sa mga produktong dagat ang kabibe at agar-agar. Iniluluwas ito sa ibang bansa tulad ng Europa at Estados Unidos.

Kumikita rin sa paggawa ng bangka ang iba. Ang mga ito ay ang kilalang makukulay at mabibilis na vinta. Nakaaabot hanggang Singapore, Sabah at Malaysia upang bumili ng mga kalakal ang mga sasakyang ito. Isa ring mahalagang hanapbuhay ang pangangalakal sa rehiyon.

Mayroon namang kumikita sa paglalala ng makukulay na banig na yari sa pandan.

Malaki rin ang naitutulong ng industriya ng turismo sa kabuhayan ng mga tao sa Rehiyon IX. Dinarayo ng maraming turistang Pilipino at banyaga ang mga kaakit-akit na pook dito. Ilan sa mga ito ay ang Dakak Resort, Pasonanca Park, Sunken Garden, magagandang moske, at ang bantog na barter trade.


## PAGSANAYAN MO

Tingnan natin ngayon kung naunawaan mo ang aralin. Sagutan mo ang mga sumusunod na pagsasanay. Isulat mo sa kwadernong sagutan ang iyong sagot.

A. Itala ang mga lalawigan at lungsod na bumubuo sa rehiyon.

| Lalawigan | Lungsod |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| | 4. |

B. Tingnan ang mapa ng Kanlurang Mindanao. Isulat ang ngalan ng mga lalawigan at dagat na matatagpuan sa silangan, kanluran, timog at hilagang bahagi ng rehiyon.



C. Tapusin ang bawat pangungusap. Punan ng tamang sagot ang mga patlang

1. Ang kanlurang Mindanao ay mabundok. Dalawang hanay ng mga bundok ang matatagpuan sa ______ at ______.
2. Dito rin matatagpuan ang dalawang matataas na mga bulkan. Ang mga ito ay ______ at ______.
3. Ang tag-ulan dito ay sa mga buwan ng _____ hanggang ______. Samantalang ang tag-araw ay mula sa buwan ng ______ hanggang ______.
4. Mga pangunahing mineral sa rehiyon ang _____.
5. Ang mga produktong dagat sa rehiyon ay ______.
6. Kilalang-kilala sa pagsisid ng perlas ang mga _____.
7. Ang vinta ay nakaaabot hanggang ______.
8. Ginagamit ang vinta upang _____.
9. Isa ring mahalagang hanapbuhay sa rehiyon ang _____.
10. Ang mga tao sa rehiyon ay kumikita rin sa _____.

D. Kung ikaw ay taga Rehiyon IX, anong mga bagay ang maaari mong ipagmalaki? Isulat ito sa isang talata na may 3-5 na pangungusap.

**TANDAAN MO**

- *Ang Rehiyon IX ay nasa gawing kanluran ng Mindanao.*
- *Binubuo ito ng tatlong lalawigan at apat na lungsod.*
- *Sagana ang rehiyon IX sa mga likas na yaman.*

**ISAPUSO MO**

Basahing mabuti ang mga kalagayan sa ibaba. Pangatwiranan mo ang iyong sagot. Gawin ito sa iyong kwadernong sagutan.

A. Darating galing sa ibang bansa ang mga pinsan mo. Paano mo sila hihikayatin na pumasyal sa Rehiyon IX?


B. Nagtotroso ang mga tao sa inyong barangay. Karamihan ay gumagawa nito sa ilegal na paraan. Ano ang maaari mong gawin upang maipatigil ito?

C. Sa iyong palagay, aling hanapbuhay sa rehiyong ito ang maaaring makatulong sa pag-unlad nito? Bakit?

D. Bilang isang mag-aaral sa ikaapat na baitang, ano ang magagawa mo upang mapaunlad pa ang buhay ng mga kababayan mo sa Rehiyon IX?

## GAWIN MO

A. Tingnan ang larawan ng vinta.



B. Subukin mo namang awitin ang sumusunod na awit sa himig ng Zamboanga.

Tayo na, tayo na
do'n sa Zamboanga
Dito ay marami
kang makikita.

Mayamang kagubatan
At karagatan
Vinta'y mabibilis
Makukulay.

Dito'y maraming
Makikitang paninda
Sari-saring batik
Na tela.

Marami ring perlas
Dito'y makikita
Sa buong mundo
Ay kilala.



**SAGUTIN MO**

A. Isulat sa kwadernong sagutan ang hinihinging impormasyon sa bawat bilang.

1. 2 dagat na nakapaligid sa Rehiyon IX sa timog
   A.
   B.

2. 2 lalawigan sa silangan
   A.
   B.

3. 3 pangunahing produkto sa kagubatan
   A.
   B.
   C.
4. 3 pangunahing hanapbuhay
   A.
   B.
   C

B. Tapusin ang bawat pangungusap. Gawin ito sa kwadernong sagutan.

1. Halos kalahati ng buong lupain ng Rehiyon IX ay ______.
2. Tumutubo sa mga delta na nabubuo sa tabing-ilog ang ______.
3. Ang mga troso ay nakukuha sa mga ______.
4. Ang buong rehiyon ay ligtas sa mga ______.
5. Isa pa ring produktong pansakahan ang puno ng ______.
6. Marami ang guminhawa ang buhay sa pagtotroso sa rehiyong ito. Subalit ngayon, ipinagbabawal na ng pamahalaan ang pagtotroso. Ito ay dahil sa _____.
7. Ang pagkakalbo ng mga kagubatan ang nagiging dahilan ng ______.
8. Ito naman ang nakamamatay at nakapipinsala sa ______.

C. Pag-aralan mo ang mapa ng Rehiyon IX. Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

1. Ano ang mga lungsod ang matatagpuan sa Zamboanga del Norte?
   ____________________________________________________________
2. Anong lungsod ang matatagpuan sa Zamboanga del Sur? ____________
   ____________________________________________________________
3. Anong lalawigan sa Rehiyon IX ang nasa timog-kanluran? ____________
   ____________________________________________________________
4. Kung ang Zamboanga de Sibugay ay nasa gawing kanluran, saang direksiyong naroroon ang Zamboanga del Sur? ____________________
   ____________________________________________________________
5. Saan direksiyon matatagpuan ang lungsod ng Dipolog?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.